

Ang Dunamismo Ng Meron Sa Tula Ni Parmenides

Wilhelm Patrick Joseph Strebel, MA
Ateneo de Manila University

Metapisiko ang pagkiling ng tula ni Parmenides. Isa itong pagmumuni sa malalim na karanasan ng may-akda sa meron. Kilala ang paninindigan ni Parmenides na isa at hindi nagbabago ang meron. Dito nagmumumula ang mga pananaw ng ilang mga komentarista na statiko ang meron ayon kay Parmenides. Lalabas mula sa ating pagtalakay na ang pagtanaw sa meron bilang statiko ¹ay lumilihis sa nakagisnan ni Parmenides. Marapat lamang na dito tayo magsimula: sa tanong hinggil sa duna-mismo ng meron.

Dunamiko nga ba ang meron ayon kay Parmenides? Maaari nga bang tanungin ang tanong na ito sa isang tekstong hayagang nagmumuni-muni sa meron bilang isa, di-nagbabago at dimasalang? Samakatwid, kailangan nating magsimula sa isang pag-mumuni tungkol sa kahulugan ng dunamismo.

Griyegong kataga ang δύναις (dunamis): pagkakaroon ng kapangyarihan. Ang abot-tanaw na ginagalawan dito ng kapangyarihan ay ang kakayahang magpasimuno at magsagawa ng pagbabago sa anumang apektado nito. Ang kapangyarihang ito ba ay namamayani sa sarili o ito ba'y tumutungo sa iba? Ano nga ba ang katayuan ng anumang may kapangyarihan sa ibabaw ng iba? Hindi nga ba ito nagbabago dahil nangingibabaw ito sa kanyang mga bunga? Samakatwid, nakaharap tayo ngayon dito sa isang napakagriyegong tanong: Ano nga ba ang kahulugan natin ng pagbabago at ano ang kaugnayan nito sa kaganapan at kapangyarihan at hangganan? Naririnig natin ngayon ang alingawngaw ng sinaunang problema ng isa at ng marami sa ibabaw at ilalim ng ating kasalukuyang pagtatanong. Ano nga ba ang katayuan ng meron bilang isa sa harap ng pagkasamu't-sari at kawalan ng kaganapan ng sanlibutan?

Sa ating pagbabalik sa abot-tanaw ng katagang dunamis sa

¹Mula sa Griyego, ἵσταναι (histanai): nakatayo ang στατικός (statikos): nagpapatayo. Mula dito, ang galalawan nating kahulugan ng statikos ay nakatayo ng tuwid, hindi tumitinag, matigas na nakaangkla sa lupa.

Griyego, agad nating nakikita kung paano ito naiiba sa ating kasalukuyang pag-iisip na dala na rin ng pa-ghango ng wikang Ingles sa katagang ito. Sa abot-tanaw ng katagang Ingles, ang dynamic bilang pang-uri ay may kinalaman sa patuloy na pagbabago, paglilipat, pag-aareglo at pag-unlad. Kung sa bagay, nakikita pa rin natin ang kaugnayan sa sinaunang abot-tanaw ngunit kailangan pa ring maging matalas sa pagkakaiba. Pareho sabay iba kung kaya't mahalaga ang masusing pagkilatis.

Kung ihaharap natin sa teksto ni Parmenides ang tanong tungkol sa dunamismo ng meron, kailangan ngayon nating maging mulat sa konteksto ng kanyang pagmumuni habang nananatiling bukas sa kalaliman at kalawakan ng ating tinutukoy kung binabanggit natin ang dunamis. Hindi tayo maaaring maipit sa isang manipis na depinisyon ng dunamis habang tinitingnan ang teksto ni Parmenides. Wala itong kahahantungan kundi ang karumal-dumal na pagpupumilit pagkasyahin ang kalaliman ng pagmumuni ni Parmenides sa isang kahon na tayo rin lamang ang lumikha para sa ating mga sarili. Hindi ganito. Sa halip, ibibinbin natin ang tanong. Susuriin muna natin ang abot-tanaw ni Parmenides. Susuriin natin ang kanyang teksto mismo at sa huli maghahain tayo ng ilang mga puna ng iba pang palaisip. Maingat nating gagawin ito habang isinasaalang-alang ang nakita na nating tunog ng katagang dunamis ngayong namulat na tayo sa antigong anyo nito sa sinaunang Griyego.

Marami pa tayong masasabi hinggil sa mga tanong sa itaas habang tumutubo ang ating paksa. Sa ngayon, magsimula tayo sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang pambungad hinggil kay Parmenides mismo at ang ginalawan ng kanyang paghahagilap. Palaging nakatutulong kung isasakonteksto natin ang isang palaisip sa loob ng kanyang lugar sa kasaysayan ng pilosopiya bago tayo magsimulang magbasa at magmuni sa kanyang sulatin. Samakatwid isasaalang-alang natin ang ilang mga impluwensya na nag-aruga sa pagtubo ng kanyang pagmumuni-muni. Ngunit, magsisilbi lamang itong tulong bilang pambungad sa atin. Nawa'y hindi maging sagabal sa atin ito at makatungo tayo sa tunay na pag-uunawa.

Ang Mamamayan ng Elea

Sino nga ba si Parmenides? Isinulat ni Cornford sa kanyang pambungad hinggil sa *Parmenides* ni Platon:

Binibigay ng dialogo ni Platon ang pinakamahasay na patunay para sa petsa ng buhay ni Parmenides. Naglalaman ang dialogo ng likhang-isip na pag-uusap sa pagitan nina Sokrates at Parmenides habang ang huli ay dumalaw kasama ng kanyang tagasunod na si Zeno sa Athenai para sa Dakilang Panathenaea. Bata-bata pa si Sokrates dito, malamang mga labinwalo o dalawampung taong gulang habang si Parmenides naman ay mga animnapu't limang taong gulang, at mga apatnapung taong gulang naman si Zeno. Kung titingnan ang edad ni Sokrates, masasabing mga 450 B.C. naganap ang kanilang pagtatagpo. Sa tula ni Parmenides, tinawag siyang binata ng thea. Kung ipagpapalagay nating mga tatlung taong gulang siya noon, nasulat malamang ang tula noong 485 B.C. Alinsunod ang petsang ito sa katotohanang walang nabanggit hinggil kay Parmenides ang mga labí ng teksto ni Herakleitos, na siguradong itatakwil niya nang lalong matindi kaysa sa iba pang pilosopong kanyang nabanggit, kasama na si Xenophanes. At, sa kabilang banda, may ilang nakakita kay Parmenides ng matinding pagtakwil kay Herakleitos bilang tagapaglapastangan ng katwiran.²

Binabanggit naman ni Kathleen Freeman sa kanyang salin ng *Mga Labí kay Diels* na nagsulat si Parmenides noong mga 475 B.C.³ Sampung taon ang pagitan ng tantya niya sa tantya ni Cornford sa itaas. Isang lungsod sa timog na bahagi ng dalampasigan ng kasalukuyang Italia ang Elea. Ayon sa makikita sa kanyang mga nasulat, nag-aral malamang si Parmenides sa ilalim ng mga tagasunod ni Pitagora na siya namang may matinding impluwensya sa karatig na pulo ng Sicilia. Makikita sa mga salita ni Alexander Polyhistor ang buod ng doktrina ni Pitagora:

Ang Isa ang simulain ng lahat ng bagay. Mula sa Isa dumating ang Walang-hugis na Dalawa, bilang sumusunod sa Isa, na sanhi. Mula sa Isa at sa Walang-hugis na Dalawa umusbong ang mga bilang; at mula sa mga bilang, mga punto; mula sa mga punto, guhit; mula sa mga guhit, mga pigura sa kapatagan; mula sa mga pigura sa kapatagan, mga pigura sa kasoliduhan; mula sa mga pigura sa

²Francis MacDonald Cornford, *Plato and Parmenides: Parmenides' Way of Truth and Plato's Parmenides* (New York: The Bobbs-Merrill Company, Inc., 1939), 1. Akin ang salin.

³Kathleen Freeman, *Ancilla to The Pre-Socratic Philosophers* (Cambridge: Harvard University Press, 1966), 41. Akin ang salin.

*kasoliduhan, mga katawang tumatagos sa pandama. Apat ang sangkap ng mga ito; apoy, tubig, lupa, hangin; nagbabago ang mga ito at buong-buong nag-iibang-ano, at mula sa mga ito umusbong ang kosmos, nabubuhay, umuunawa, hugis-bola, bumabalot sa daigdig na sentro, na hugis-bola rin at tinitirhan at punung-puno ng buhay.*⁴

Matatagpuang nakakalat sa kabuuan ng tulang hexametron ni Parmenides ang mga bakas ng doktrinang ito. Ngunit mayroon ding pagkakaiba. Makikita rin sa parehong teksto kung paanong nakukulangan siya sa doktrina ni Pitagora at nagnanais siyang makahanap ng sariling landas upang mapuno ito sa pamamagitan ng kanyang sariling pagmumuni. Sa unang tingin, parang ginagamit ni Parmenides ang mga katagang palasak para sa kanyang mga kontemporaryong maka-Pitagora. Ngunit, ginagamit niya ang parehong mga kataga sa bagong pamamaraan. Kapag binabanggit niya ang meron bilang isa, hindi ito katulad ng Isa ni Pitagora. Samakatwid, maaari nating basahin ang tula ni Parmenides bilang isang reaksiyon laban sa sinasabi ni Pitagora na pagtulak ng Isa tungo sa Walang-hugis na Dalawa, at iba pa. Walang ganitong pagtulak sapagkat kung may pagtulak, mangangahulagan itong noon wala at ngayon ay meron na. Para kay Parmenides, “hindi isinilang hindi masisira [ang meron].”⁵

Ayon nga sa nabanggit na ni Cornford, mulat si Parmenides sa mga sulatin ni Herakleitos ng Epheso na siya namang naniwala na walang-hanggang nagbabago ang κόσμος; (kosmos) dahil sa λόγος (logos) na nasa kaibuturan nito sabay bumabalot dito. Ayon kay Freeman, “nagsulat si Herakleitos noong mga 500 B.C.”⁶ Lumalabas mula dito na nakatatanda kay Parmenides si Herakleitos. Isang buong salin-lahi ang agwat nilang dalawa sa isa’t isa.

⁴Francis MacDonald Cornford, *Plato and Parmenides: Parmenides' Way of Truth and Plato's Parmenides* (New York: The Bobbs-Merrill Company, Inc., 1939), 3. Akin ang salin.

⁵labí 8. Roque J. Ferriols, SJ, *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992), 56. Ginagamit dito ang pagsasanumero ng mga labi ni Parmenides batay sa *Die Fragmente der Vorsokratiker* ni Hermann Diels. Ang salin sa Filipino ng mga labí ni Parmenides ay hango sa *Mga Sinaunang Griyego*. Sa mga susunod na pahina, tatawaging SG ang aklat na ito.

⁶Kathleen Freeman, *The Pre-Socratic Philosophers* (Oxford: Basil Blackwell, 1953), 104. Akin ang salin.

Ang Landas ng Meron at Ang Kuru-kuro ng Mga Mamámatáy

Mahahati sa dalawang bahagi ang akda ni Parmenides. Sa pambungad ng tula, lumibot ang persona sa lahat ng siyudad mula sa tahanan ng gabi tungo sa liwanag lulan ng karwaheng minamaneho ng mga babaeng δαίμων (daimon) at hinihila ng mga babaeng kabayo. Sa kanyang pagdating sa liwanag, isang θεᾶ (thea) o diyosa ang kanyang naging gabay. Maririnig na nagmumula sa bibig ng thea ang mga sumunod na taludtod.

Mahalagang pansinin ang ilang talinhaga't simbulo sa pambungad ng kanyang tula. Sinasabi ng persona na "hinatid ako hanggang sa maaabot ng udyok ng aking pagnanais."⁷ Buo niyang ninanais ang paglalakbay na ito. Hinahambing sa paglalakbay ang pamimilosopiya. Siya mismo ang nagtatanong at nagtataka. Ang pagtatanong at pagtatakang ito mismo ang siyang nagdala sa kanya sa paglalakbay na ito. Ngunit, lampas sa makakayanan ng karaniwang tao ang ninanais ng kanyang pagtataka kung kaya't mga daimon, mga nilalang na lalong dakila pa sa tao ngunit hindi kasing dakila ng mga diyos, mga nilalang na umiiral sa pagitan ng mga diyos at tao, ang siyang nagmamaneho ng kanyang sinasakyang karwahe. Sinasabi ring dinala siya sa lahat ng mga siyudad.⁸ Dinaanang muna nila ang pang-araw-araw na larangan ng mga tao bago humatak ang karwahe tungo sa hangganan ng liwanag at dilim. Ukol sa mga daimon:

Sapagkat iniwan ng mga dalaga ng araw ang tahanan ng gabi at sabik na sabik silang tumulak sa liwanag, at pataas nilang binubuksan ang talukbong sa kanilang ulo.⁹

Nasa kadiliman ang mga siyudad ng tao at habang nililibot ang mga ito, nakatalukbong ang mga daimon. Hindi nila ipinapakita ang kanilang tunay na sarili. Nananatili itong nakakubli hanggang sa tamang sandali ng pagbubunyag habang tumutulak sa liwanag.

Sa hangganan ng liwanag at dilim makikita ang isang nakapinid na dambuhalang pinto. At ganito ang nakita ng mangangarwahe:

Si mapagparusang dikē ang may hawak ng mga naghahalilihang susi. Hinikayat siya sa tuso at maamong salita ng mga dalaga na

⁷Ibid 1. SG, 50. ἵσταται

⁸Ibid.

⁹Ibid, 51.

Ginawang isang mala-alamat na tauhan ang δῖκη¹¹ (dikē). Ibinibigay malamang ni Parmenides kay dikē ang pangangasiwa sa susi dahil alinsunod at hindi labag sa sangkaayusan at sa katarungan na mabuksan nga ito at maibunyag ang katotohanan sa ating manlalakbay. Hindi maipahihintulot ang pagbubukas nito kung hindi siya hinikayat o inakit o niligawan ng mga babaeng daimon. Makikita dito na walang kakayahan ang manlalakbay maliban sa kaniyang pagnanais. Ang mga daimon ang siyang pumipili ng daan at ang mga daimon din ang gumagawa ng paraan upang mabuksan ang pintuan. Ipinagpapaubaya itong lahat sa kanila ng manlalakbay at malayang ipinagkakaloob ng mga daimon na babae ang kanilang pagmamaneho sa karwahe. Nararanasan ng manlalakbay ang lahat bilang biyayang¹² handog na lampas sa anumang kakayahan o kapangyarihang hawak niya, kung mayroon man siya nito.

Sa pagbukas ng pintuan, may ngumangangang bangin.¹³ Simbulo malamang ito ng panganib ng ginagawang paglalakbay kung kaya't matindi ang pangangailangan ng manlalakbay sa patnubay ng mga daimon. Mapanganib ang landas kung kaya't kailangan ng matinding pag-iingat at ng ngiti ng langit.¹⁴

Tuwang-tuwang tinanggap ng thea ang manlalakbay. Sa bahaging ito ng tula unang binanggit ang thea at wala nang mababanggit hinggil sa mga daimon na babae. Nararapat lamang na pansinin natin ang detalyeng ito at markahan ang bahaging ito bilang isang panibagong hakbang sa ginagawang paglalakbay. Mula sa bahaging ito, isa nang thea o diyosa ang magsisilbing gabay sa persona. Naihatid na siya ng mga daimon hanggang sa makakayanan ng mga daimon bilang daimon. Pumasok na siya sa larangan ng mga diyos.

May isa pang mahalagang detalye sa bahaging ito. Hinawakan ng thea ang kanang kamay ng persona at tinawag siyang “katoto ng mga walang kamatayang mangangarwahe.”¹⁵ Ito ang naging

¹⁰labí 1. SG, 51.

¹¹Maaaring isalin bilang sangkaayusan at katarungan. Para sa pagtalakay sa dikē, tingnan ang pahina 25 ng SG.

¹²Ginagamit ko dito ang katagang biyaya upang itukoy ang kahit anumang tinanggap ng isang tao at nakapagdulot sa kanya ng kabutihan, grasya, pabor, awa, o pribilehiyo.

¹³labí 1. SG, 51.

¹⁴SG, 53.

¹⁵labí 1. SG, 52

bansag ng thea sa manlalakbay. Tinawag siyang mandirigma. Hinahambing ni Parmenides sa pakikidigma ng isang bayani ang pamimilosopiya. Ayon kay Padre Ferriols, ito ang dahilan kung bakit hexametron¹⁶ ang balangkas ng tula ni Parmenides. Ang ganitong uri ng taludturan ang madalas gamitin kung ang paksa ay tungkol sa isang bayani tulad ng Ilias at Odysseia ni Homeros. Makikita rin natin kung paanong nahahalintulad sa paglalagalag ng bayaning si Odysseus¹⁷ ang persona ng tula ni Parmenides sa kanyang paglilibot sa lahat ng siyudad tungo at lampas sa hangganan ng liwanag at dilim. Inaapirma ng thea ang katayuan ng kanyang paglalakbay sa susunod na mga linya: “Matuwa ka, hindi masamang tadhana ang tumulak sa iyo sa daang ito - malayo naman ito sa karaniwang landas ng mga tao - kundi tadhana ng diyos at dikē.”¹⁸

Nakarating na ang mandirigma sa tahanan ng mga diyos. Inaapirma ng thea na bagama’t wala siya sa karaniwang kinalalagyan ng mga tao, hindi ito lumalabag sa kaayusan. Handa ang mga diyos na ibahagi ang biyayang ito sa mga tunay na nagnanais at handang makipagsapalaran alang-alang sa karunungan.

Sa kanyang pagtuloy sa tahanan ng mga diyos, nakinig siya sa mga ituturo sa kanya ng thea.

Sa unang bahagi na tinatawag na “landas ng meron,” at hanggang sa dulo ng akda, tinuturo ng thea sa persona na dalawa lamang ang landas¹⁹ ng pagtatanong na maaaring isipin. Una, “kailangang isipin at sabihin na meron meron, sapagkat meron meron at wala namang hindi meron.”²⁰ Iyong isa naman ay “hindi meron at kailangan wala ang meron.”²¹ Ang una ay ang landas ng meron. Iyon ang kaisa-isang landas na dapat tahakin. Ang huli naman ay ang pag-iisip ng lahing walang pangingilatis. Hindi ito tunay na landas kung kaya’t hindi dapat tahakin at hindi maaaring kahit isipin man lamang sapagkat walang wala at hindi maaaring maisip ang wala.

Nagpapatuloy ang akda sa ikalawang bahagi, ang kuru-

¹⁶labí 1. SG, 52

¹⁷Homer, *The Odyssey*. Trans. W. H. D. Rouse (New York: Penguin Group, 1937).

¹⁸labí 1. SG, 52.

¹⁹Sa Griyego, *methodos* ang tinutukoy natin ditong “landas.”

²⁰labí 6. SG, 55.

²¹labí 2. SG, 53.

kuro ng mga mamámatáy²² kung saan matatagpuan ang ilang mga paniniwala at pananaw ng kapanahunan ni Parmenides. Pawang mga ilusyon lamang ang mga ito para kay Parmenides sapagkat hindi talaga tunay ang marami at patuloy na pagbabago. Sa halip, isa, hindi nagbabago at totoo ang meron.

Paano nga ba matatahak ang landas ng meron kung palaging nananahan sa kuru-kuro ng mga mamámatáy ang karanasan ng tao kung saan walang sinumang tunay na mayhawak sa katotohanan at nakagigisnan lamang ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsasaliksik at dialogo? Katanggap-tanggap at karapat-dapat lamang pagmunihan sa masusing pamamaraan ang ganitong pagtutol. Sa unang tingin, para bagang may kontradiksyon kay Parmenides. Susubukan nating harapin ang pagtutol na ito bilang paalala na siyang magpapausbong ng dunamismo ng meron na siya namang hindi hayagang ipina-pakita sa tula ni Parmenides.

Hinggil sa kuru-kuro ng mga mamámatáy, sinasabi ng thea:

... hindi talagang mapagkakatiwalaan. Ngunit matutu-tuhan mo rin ito, sapagkat ang mga nagpapakita'y kailangang talagang magmeron sa pagsubok sa lahat sa pamamag-itan ang lahat.²³

Kung paulit-ulit na pinapaalala ng thea na ang landas ng meron meron lamang ang dapat tahakin, bakit kailangang matutunan pa ang kuru-kuro ng mga mamámatáy?

Minumungkahi lamang ba ito upang masubukan ang mga kuru-kuro? Ngunit binanggit na rin ng thea na hindi ito mapagkakatiwalaan dahil nga sa karupukan ng pag-uunawang maka-tao. Samakatwid, hindi tinuturo ng thea na maging tagasiyasat lamang, bagkus, kailangang pagdaanan ang kuru-kuro ng mga mamámatáy upang mamulat sa katotohanan.

Tutukan natin sandali ang nagmumukhang kontradiksyon sa tula hinggil sa katayuan ng landas ng meron at ng kuru-kuro ng mga mamámatáy. Sa katunayan, isang pagmumuni ang tula sa katotohanang isinasabuhay sa loob ng isang pisikal at nagbabagong kosmos ang karanasan ng tao sabay isa rin itong pagkilos

²²Sa Griyego, βροτῶν δόξας : broton doxas. βρωτοι (brotoi) o mga mamámatáy ang kadalasang tawag ng Kagriyeguhan sa sangkatauhan dahil sa karupukan at kawalan ng sariling poder sa pag-iral dahil sa kapangyarihan ni Haides at ng mga Tadhana. Nagmula ang ganitong pagtanaw mula sa paggalang sa mga θεός (theos) o mga diyos na tunay na marunong at hindi mamamatay. Doxa: pagpapakita. Para sa pagtalakay hinggil sa doxa, tingnan ang SG, 14-15.

²³labí 1. SG, 52.

sa ibayo nito. Ito ang punto ni Parmenides laban sa nakikitang kosmos ng patuloy na pagbabago ni Herakleitos: Kapag sinasabi ni Herakleitos na nagbabago ang lahat, gumagawa din siya ng isang apirmasyon sa ilalim nito. Inaapirma rin niya na mayroon pa ring isa, at di-nagbabagong pamantayan kung saan nagmumula ang ating apirmasyon na nagbabago nga ang lahat. Samakatwid nakikita nga natin ang isang kabalintunaan sa pananaw ni Herakleitos. Inaapirma rin niya ang isang walang nginig²⁴ na katotohanan. Walang iba kundi ang logos ang walang nginig na ito. Hindi man lamang kayang masabi na patuloy na nagbabago ang kosmos kung hindi isa at di-nagbabago ang meron. Kung kaya't tumatagiting dito ang binanggit ng thea na hindi masasabi ang wala.

*Sa ilalim ng daigdig ng pag-aanyo at pagbabago ay may dulong hangganan, buong buo sa lahat ng dako, hawig sa laman ng isang ma-gandang binilog na hugis-bola, mula sa gitna, timbang na timbang. Sapagkat wala namang wala na makasasagabal sa pagdating sa kahawig, wala namang meron na lalong meron dito at hindi gaanong meron doon, kundi lahat ay dimasalang, iyong iyon sa lahat ng dako, panatag na nakakamtan ang mga hangganan.*²⁵

Dito natin nakikita ang pagkakaisa ng kaisipan sa tula hinggil sa dalawang landas ng pagtatanong; una sa dalawa ang kaisa-isahang tunay na landas. Ngunit, hindi pa tapos ang ating pagsusuri hinggil sa dunamismo ng meron. Baka makatulong sa atin ang pagpasok sa mga panayam ni Heidegger hinggil kina Herakleitos at Parmenides.

Pagtatawid at Pagsasalin ng Alētheia

Sa kanyang panayam hinggil kina Herakleitos at Parmenides, nagsisimula si Heidegger sa isang pagninilay sa pangalan at katagang alētheia.²⁶ Idinidiin niya na hindi ito maaaring direktang

²⁴Sinalin ni Padre Ferriols sa SG, 52 ang ika-29 na linya ng unang labi ng tula ni Parmenides bilang ganito: "May nag-uudyok sa iyo na magtanong ukol sa buong-bilog at walang nginig na puso ng katotohanan at pati sa pag-aakala ng mga mamamatay." Sa Griyego, ito'y χρεώ δέ σε πάντα πυθέσθαι ἡμὲν Ἀληθείη □ εὐκυκλῆος ἀτρεμὲ □ ἵτορ ἡδὲ βροτῶν δόξα □.

²⁵labí 8. SG, 58-59.

²⁶Martin Heidegger, Parmenides. Zweite Auflage (Frankfurt am Main: Vittorio Klostermann GmbH, 1992), 1-23. Ito ang teksto sa orihinal na aleman na kikilalanin na PD sa mga susunod na pahina. Martin Heidegger Parmenides. Trans. André Schuwer and Richard Rojcewicz (Indianapolis: Indiana University Press, 1992), 1-16. Ang salin na ito sa Inggles ay kikilalanin naman bilang PE.

maisalin sa Aleman na *Wahrheit*. May nadaragdag at nababawas tuwing sinasalin ang alêtheia. Minumungkahi niya na nararapat munang saliksikin ang kahulugan ng diyosang “katotohanan” sa tula. Idinidiin niya na hindi diyosa ng katotohanan ang thea kung saan isa siyang tagapangalaga ng katotohanan na hiwalay sa kanya. Hindi isang bagay na kanyang ipinamimigay bilang thea ang katotohanan. Hindi rin siya isang katangian ng katotohanan katulad ng kaugnayan ng isang pang-uri sa isang pangngalan. Sa halip, ipinapahayag ang katotohanan bilang thea. Ginagawang tauhan ni Parmenides ang katotohanan. Siya, ang thea, ang katotohanan: hindi maihihiwalay ang katotohanan sa kanya sapagkat siya mismo ang pagsasakatawan at pagsasatauhan ng katotohanan. Ang katotohanan bilang pangkalahatan ay binago at naging isang persona.²⁷

Makatutulong ang kamulang ito sa ating pagtingin sa meron bilang dunamiko sa tula ni Parmenides. Hindi natin pinag-uusapan dito ang meron bilang dunamiko kung saan meron ang simuno at “dunamiko” ang panaguri o dili kaya’y dalawang pangalan o kataga sa loob ng isang ugnayang pangngalan-pang-uri. Sa halip, nararanasan ang meron mismo bilang dunamiko: hindi maipaghihiwalay, isa, di-nagbabago. Mukhang may kontradiksyon na naman dito, ngunit, katulad na nga ng nakita na natin sa ating pagpapahayag sa pagmumuni ni Herakleitos hinggil sa logos,²⁸ makikita natin na may ipinagpapalagay na pagkakaisa na sa sarili’y hindi nagbabago ang dunamismo bilang kakayahang magpasimuno at magsagawa ng pagbabago. Hindi tuloy katakata kung bakit nararanasan din ng mga sinaunang Griyego ang katotohanan bilang $\phi \sigma \zeta$!(*physis*),²⁹ patuloy na tumutubo ngunit mahigpit na naka-ugat sa matabang lupa.

Upang matulungan tayong mapayabong ang puntong ito, makikipagdialogo tayo kay Heidegger sa kanyang ginawang pagkakaiba ng pagtawid (*Übersetzen*) at pagsalin (*Überset-zen*) ng isang kataga. Gumaganap tayo ng interpretasyon tuwing tayo’y nag-sasalin. Isa itong pagsusumubok angkinin ang isang karanasan mula sa katutubo nitong wika at pag-aangkop nito sa loob ng wikang banyaga. Pagtawid sa ilog sa pamamamigatan

²⁷PD, 14, PE, 10. Akin ang salin.

²⁸SG, 26-49.

²⁹Ibid, 19-21.

ng badeo ang literal na kahulugan ng katagang Aleman na *Übersetzen*. Habang tumatawid ng ilog mula sa isang baybay (wika) papunta sa kabila, itinatawid ito patungo sa panibagong wika at nahihwalay sa sinauna nitong sapot ng mga ugnayang nagmula sa wika kung saan ito hinango. Para itong pagtingin sa isang litrato at pagkatapos ay subukang gumupit ng isang bahagi upang ihiwalay ito sa abot-tanaw. Kung kaya't ang tunay na pagsasagawa ng pagsasalin ay nararapat ding maging pag-tatawid upang maiwasan ang di-karapat-dapat na paglapastangan sa katutubong kalaliman ng kataga o akdang sinasalin. Kung kaya't kung binabanggit ni Parmenides o kaya ng sinumang sinaunang Griyegong pilosopo ang *alētheia*, ito'y pagka-hindi-nakakubli.³⁰ Nagbibigay pa nga si Heidegger ng matinding diin sa pagkakaiba ng pagka-hindi-nakakubli sa pagka-hindi-nakakubli. Positibo ang tunog ng katagang Aleman na *Wahrheit* habang negatibo naman ang tunog ng katagang Griyego na *alētheia*. May pagka-nakakubli at naranasan ang katotohanan bilang lumalabas mula sa pagka-nakakubling ito. Iba ito sa hayagang nakikita ng mata. Itinatatwa ang pagka-nakakubli sa sandali ng *alētheia*.

Sa pagmumuni ni Heidegger, nakita niya kung paanong mulat sa pagtatago at pagpapakita ng katotohanan ang mga Griyego. Ibinibigay niya bilang halimbawa ang pananaw ng mga Griyego sa mga diyos bilang mga nagbibigay ng hudyat.³¹ Hudyat ang mga kidlat ni Zeus. Talagang nakikita at naranasan sa langit ang kidlat. Tinatanong ng mga tao: ano kaya ang ibig sabihin ng kidlat? Uulan ba? Mabuting balita ba ang hatid nito? May darating bang sakuna? Binibigay na halimbawa sa teksto ni Heidegger ang nasaad ni Homeros sa Ilias kung saan nahulaan na ni Nestor mula sa kinalabasan ng mga inalay kay Zeus na bago pa man naglayag ang mga Griyego papunta sa Troia, wala na silang pagasang maka-uwi pa.³²

Nagbibigay ng hudyat ang mga diyos. Sinusubukan ng tao sa pamamagitan ng kanyang pagkukuro na unawain at ibunyag ang kahulugan ng hudyat na kanyang naranasan. Sa ganitong paraan nalalaman ng tao kung ano ang dapat niyang gawin.

Nakikita natin mula dito na ang diyosang katotohanan mismo

³⁰Para sa pagtalakay ni Padre Ferriols sa *alētheia*, tingnan ang SG, pahina 12-

³¹PD 45-46. PE 31.

³²Homeros, Ilias II, 348-402.

ang landas ng meron at palaging sandali ng pagka-hindi-nakakubli ang pagtahak sa landas na ito. Isa, di-nagbabago ang meron, katulad ng magandang binilog na hugis-bola na umuusbong mula sa pagkanakakubli. Ani Parmenides:

Sapagkat may dulong hangganan, buong-buo ito sa lahat ng dako, hawig sa laman ng isang magandang binilog na hugis-bola, mula sa gitna, timbang na timbang. Sapagkat hindi nararapat na may pagkalaki o pagkaliit na umiiral dito o doon. Sapagkat wala namang wala na makasasagabal sa pagdating sa kahawig, wala namang meron na lalong meron dito at hindi gaanong meron doon, kundi lahat ay dimasalang, iyong iyon sa lahat ng dako, panatag na nakakamtan ang mga hangganan.³³

Natanggal na natin ngayon ang piring natin sa mata na naging balakid sa ating pag-unawa kung bakit ang kuru-kuro ng mga mamámatáy, bagama't hindi tunay na landas, ay minumungkahi pa rin ng thea na nararapat pa rin itong matutunan sa pagsubok sa lahat sa pamamagitan ng lahat. Madalas hindi malinaw ang pagpapakita ng meron sa tao kung kaya't pananagutan niyang dumanas, magmasid at kumilatis upang hindi maging padalus-dalos ang kanyang pag-unawa at pagsasagawa.

Sinubukan nating tanungin sa yugtong ito ang hinggil sa dunamismo ng meron sa tula ni Parmenides. Siniyasat natin ang kahulugan natin ng dunamismo at kung paano ito naiiba sa pang-araw-araw na wika upang hindi malito ang ating pagsasaliksik. Isinaalang-alang natin ang Griyegong ugat ng katagang dunamis at kung paano ito naging katagang-panghagilap sa danas-daigdig ng mga sinaunang Griyego.

Isinakonteksto natin si Parmenides at natagpuan natin ang kanyang maka-Pitagorang ugat at ang kanyang nakitang kakulangan sa doktrina ni Pitagora na siya namang nagdala sa kanya tungo sa sarili niyang karanasan, pagmumuni-muni at paninindigan hinggil sa meron.

Ang pagpasok naman natin sa pagninilay ni Heidegger ang siyang tumulong sa atin, sa huling pagsisiyasat na ipagkasundo ang nagaanyong kontradiksyon sa pagitan ng pananaw na walang nginig ang katotohanan sabay mahalaga din ang kuru-kurong hindi mapagkakatiwalaan. Ang kanyang pagninilay sa *alētheia* at sa pagsalin ang naging malaking tulong sa pagpapausbong sa

³³labí 8. SG, 56-57.

dunamismo ng meron sa tula ni Parmenides. Kayang malaman ng tao ang katotohanan mula sa hudyat ng mga diyos. Ngunit kasabay nito, kailangang mag-ingat sapagkat maaari siyang magkamali sa kanyang interpretasyon ng mga hudyat.

Ating natagpuan sa ating pagsaliksik sa ilang mga labí ni Parmenides ang pagkakaisa at kaugnayan ng landas ng meron at ng kuru-kuro ng mga mamámatáy.

MGA BUKAL

Mga Pangunahing Bukal:

- Diels, Hermann. *Die Fragmente der Vorsokratiker: Griechisch und Deutsch*. Erster Band. Herausgegeben von Walther Kranz. Zwölfte unveränderte Auflage. Zü-ri-ch: Weidmann, 1966.
- Ferriols, Roque J. *Mga Sinaunang Griyego*. Quezon City: Office of Research and Publi-cations Ateneo de Manila University, 1992.
- Heidegger, Martin. *Parmenides*. Zweite Ausgabe. Frankfurt am Main: Vittorio Kol-stermann, 1992.
- _____. *Parmenides*. Trans. André Schuwer and Richard Rojcewicz. Indianapolis: Indiana University Press, 1992.

Mga Pangalawang Bukal:

- Cornford, Francis MacDonald. *Plato and Parmenides: Parmenides' Way of Truth and Plato's Parmenides*. New York: The Bobbs-Merrill Company, Inc., 1939.
- Freeman, Kathleen. *The Pre-Socratic Philosophers*. Oxford: Basil Blackwell, 1953.
- _____. *Ancilla to the Pre-Socratic Philosophers*. Cambridge: Harvard University Press, 1966.
- Homer. *The Iliad*. Trans. Ennis Rees. Indianapolis: Bobbs-Merrill Educational Publish-ing, 1977.
- _____. *The Odyssey*. Trans. W. H. D. Rouse. New York: Penguin Group, 1937.
- Palmer, John. *Plato's Reception of Parmenides*. Oxford: Clarendon Press, 2002.
- Popper, Karl R. *The World of Parmenides: Essays on the Presocratic Enlightenment*. Ed. Arne F. Petersen, with the assistance of Jørgen Mejer. London: Routledge, 1998.